PhilHealth Your Partner in Health	**TAMANG SAGOT (TS)** **Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**	
	Circular No.	**2024-0004**
	Title	**Implementation of an All Case Rates-based Global Budget in HCPN Demonstration Sites**

Tanong	Sagot
1. Ano ang Global Budget?	Ang *global budget* ay isang paraan ng pagbabayad kung saan ang isang *insurer* ay magbabayad ng halagang akma sa mga napagkasunduang serbisyong ibibigay sa loob ng nakatakdang panahon. Dahil ito ay prospective, ang bayad ng insurer ay ibinibigay sa health facility bago pa sila makapagbigay ng mga serbisyong pangkalusugan.
2. Ano ang ACR-GB?	Ang *All Case Rates-based Global Budget* o ACR-GB ay isang paraan ng pagpopondo ng mga *inpatient* na serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *global budget* sa mga pasilidad na kabilang sa isang *Healthcare Provider Network (HCPN)* o nakontratang indibidwal na pasilidad (Apex hospital). Ang Global Budget ay kukwentahin mula sa All Case Rates ng PhilHealth.
3. Ano ang layunin ng ACR-GB?	Para masuri ang prospektibong pamamaraan ng pagbayad para sa mga serbisyong pangkalusugan at makakalap ng impormasyon sa proseso bilang paghahanda para sa *Diagnosis Related Groupings (DRG)-based Global Budget na minamandato ng UHC Act sa PhilHealth (Section 18b, RA No. 11223).*
4. Ano ang saklaw ng ACR-GB?	Mga pasilidad na kabilang sa o nakontrata para sa *Healthcare Provider Network Demonstration Program* kung saan ang mga bagong reporma ng PhilHealth alinsunod sa UHC Act ay ipatutupad sa mga *sandbox sites* na pinili ng Department of Health. *Kasama rito ang mga infirmaries, level 1-3 hospitals, at Apex hospitals na nasa loob ng isang HCPN.*
5. Paano mapapabilang ang isang pasilidad sa ACR-GB?	Ang mga pasilidad ng isang HCPN ay kinakailangang magsumite ng Letter of Intent kasama ang iba pang nakasaad na dokumento sa Local Health Board o Managing Board ng kanilang Network. Lahat ng aplikasyon ay pagsasamahin at ipapasa sa kinauukulang PhilHealth Regional Office (PRO). Ang mga Apex Hospitals na kabilang sa HCPN ay maaaring direktang magsumite ng kanilang aplikasyon sa PRO.

`

PhilHealth Your Partner in Health	**TAMANG SAGOT (TS)** **Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**	
	Circular No.	**2024-0004**
	Title	**Implementation of an All Case Rates-based Global Budget in HCPN Demonstration Sites**

Tanong	Sagot
	Ang mga detalye at timeline ng mga prosesong ito ay iaanunsyo ng PhilHealth sa pamamagitan ng isang opisyal na pahayag o PhilHealth advisory.
6. Ano ang basehan ng pagkwenta ng *global budget*?	Ang *average ACR claims records* sa loob ng nakaraang tatlong taon bago ang pagpapatupad ng polisiya ang magiging basehan sa pagtukoy ng halaga ng *global budget* at ang bilang ng mga pasyenteng kinakailangang mabigyang serbisyo. Halimbawa: Ang *global budget* ng isang *health facility* para sa taong 2025 ay base sa mga datos mula sa mga taong 2022-2024.
7. Magagamit ba ang bagong Case Rates sa pagkwenta ng global budget?	Ang *rationalized* o ang mga bagong Case Rates ang gagamiting basehan sa pagkwenta ng *global budget*. Kasama rito ang pagtaas ng 30% para sa lahat ng mga kaso (PhilHealth Circular 2024-0001) at ang pagbabago ng mga benepisyo para sa mga sumusunod na kaso: *Pneumonia High-risk* (PhilHealth Circular 2023-0027), *Acute Stroke* (PC 2023-0021).
8. Ano ang schedule ng pagbabayad sa health facility sa ilalim ng ACR-GB?	Sa ACR-GB, ang mga kalahok na pasilidad ay mababayaran ng tatlong (3) beses o *tranches* sa loob ng itinakdang panahon: 1) Ang *first tranche* o ang ibababang pondo sa unang araw ng kontrata ay katumbas ng 60% ng pangkalahatang *budget*. 2) Kapag nagamit na ang 60% ng *first tranche*, magbababa muli ng katumbas sa 30% ng pangkalahatang *budget*. 3) Ang natitirang halaga ay ibababa kapag nagamit na ang 80% ng naunang mga *tranches*.
9. Ano ang proseso ng *reconciliation* at para saan ito?	Ang *reconciliation* ay ang proseso kung saan kukwentahin ang natitirang halaga mula sa *global budget* para malaman kung ano ang mga natipid ng health facility (*efficiency gains*) at ano ang budget na hindi nagamit (*unutilized budget*). Ito ay magaganap sa pagtatapos ng *contract term*.